

One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

PAG-UWI SA BAHAY SA ORAS NG DISASTER

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～災害時の帰宅～

Papaano na lang kung sakali mang naganap ang lindol sa araw na tayo ay nasa trabaho, paaralan o tayo ay namimili sa labas? Sa oras na magkaroon ng disaster, ang lahat ng transportasyon ay pahihintuin. Para sa mga wala sa kanikanilang tahanan tulad ng mga nagtatrabaho ay tiyak na mahihirapan sa pag-uwi.

Para sa Linggong ito ay tatalakayin namin ang nauukol sa pag-uwi ng bahay sa oras ng disaster .

Una, alamin muna natin ang distansya mula sa ating bahay hanggang sa ating trabaho. Halimbawa, mula sa Shizuoka hanggang sa Yaizu ay may 13 kilometro. Sa 5 metrong paglalakad ng matulin ay may 2 oras at kalahati ang gugugulin. Subalit kung ang ating mga dadaanan ay may mga nagkabuwalang gusali ay mas tataagal pa gugugulin natin sa paglalakad.

Kaya bilang paghahanda para sa oras ng mga kalamidad, alamin natin hindi ang short-cut na daanan o route pauwi ng ating bahay kundi ang tamang daan pauwi. Mas maaaring maging ligtas ang route na palagi nating ginagamit lalo na kung mayroon ding serbisyo sa ating dadaanan ang KITAKU SHIEN STATION o station na maaaring tumulong sa ating pag-uwi ng bahay.



Ang KITAKU SHIEN STATION ay ang mga samahan ng mga pribadong organisasyon at mga nakikiisang kompanya tulad ng convenience store, food chain store, post offices, gasoline stations at marami pang iba. May mga sticker ng KITAKU SHIEN STATION na nakadikit sa mga convenience stores at gasoline stations.

Sa oras na magkaroon ng malakas na lindol, ang mga lugar na may sticker ng KITAKU SHIEN STATION ay may laang serbisyo para makagamit ng toilet, tubig, pansamantalang makapagpahinga at impormasyon ukol sa mga daraanan. Ang tulad ng mga gasoline station ang maaaring isa sa mga ligtas na lugar dahil ang lugar na ito ang mga gawa sa earthquake proof.

May pagkakataon din na kahit ligtas tayong makauwi, malamang na wala naman sa loob ng bahay ang ating mga kasama o pamilya. Maaaring isipin na papauwi pa rin ang inyong mga kasambahay o di kaya ay nag-evacuate kung may announcement na naganap.

Kung sakaling lilisanin natin ang ating bahay, huwag nating kalimutang mag-iwan ng memo na “nasa____ evacuation center kami” o ____ “HINANJO NI IMASU”.